Paglabas ng Balita

Ontario

Nobyembre 2, 2023

# Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario

## *Sinusuportahan ng Pang-ekonomiyang Pagpapahayag ng Ontario sa Panahon ng Taglagas 2023 ang pag-unlad sa buong probinsiya*

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2023 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario: Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario.* Ipinagpapatuloy ng pinakabagong impormasyong ito ang responsableng, nakatuon na pamamaraan ng pamahalaan, na siyang nagbibigay ng mga pagbabagong kinakailangan upang matulungang matugunan ang patuloy na walang katiyakan at makapagbuo ng lubos na mahalagang imprastraktura sa lumalagong mga komunidad habang nagbubuo ng malakas na pundasyon ng pananalapi para sa mga henerasyon sa hinaharap.

Dumaranas ang Ontario ng makabuluhang paglago, na may halos 500,000 higit pang mga taong dumarating sa probinsiya nitong nakaraang taon at mahigit pa sa 170,000 netong mga bagong trabahong binuo sa unang siyam na buwan pa lamang ng 2023.

“Ang ating populasyon ay lumalaki, mas maraming mga trabaho ang nabubuo at parami nang paraming mga kumpanya ang pinipili ang Ontario bilang ang lugar na kung saan nila isasagawa ang kanilang kalakal,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Habang ito ay magandang balita, hindi ito dapat basta na lang ipasawalang-bahala sa panahon ng walang katiyakan sa pandaigdigang pulitika at ekonomiya. Malinaw ang landas na dapat nating tahakin. Dapat nating ipagpatuloy ang nakatuong pamamaraan ng pamahalaan — mayroon itong kakayahan na magbago ayon sa ating pangangailangan habang patuloy na namumuhunan upang makapagbuo ng napakahalagang imprastraktura upang masuportahan ang lumalagong mga komunidad sa buong Ontario.”

Sa pamamagitan ng *Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario*, ipinakikilala ng pamahalaan ang mga bagong kagamitang kinakailangan upang makatulong sa mas mabilis at mas matalinong pagbuo ng napakahahalagang imprastraktura, sa pagpapatuloy sa pag-akit ng mga pamumuhunan at karagdagang mga trabaho, at sa pagbibigay ng mas mabuting mga serbisyo sa mga tao.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Ang paglulunsad ng Imprastrakturang Bangko ng Ontario (Ontario Infrastructure Bank), isang bagong ahensiyang pinamamahalaan ng lupon upang mabigyan ang mga plano ng pension sa pampublikong sektor at iba pang pinagkakatiwalaang mga mamumuhunan ng pagkakataong makilahok sa pangmalawakang mga proyekto ng imprastraktura sa buong probinsiya. Sa panimula, ang mga proyekto ay nakatuon sa mga paninirahan para sa pangmatagalang pangangalaga, abot-kayang mga pabahay at imprastraktura sa pang-munisipyo, pang-komunidad, pang-enerhiya at pang-transportasyong mga sektor.
- Tinutulungang makabuo ng mas maraming mga paupahang tirahan sa pamamagitan ng paggawa ng mga hakbang upang maalis ang buong walong porsiyentong bahagi ng probinsiya sa Harmonized Sales Tax (HST – Pinagsamang Buwis sa Pagbebenta) sa mga kuwalipikadong mga bagong pinasadyang binuong mga paupahang pabahay. Hihikayatin nito ang mga tagapagtayo na magbuo ng mas marami pang mga yunit na paupahan, at ito ay isa pang hakbang sa plano ng pamahalaan upang matulungan ang mga tao sa Ontario na makahanap at makayanang makakuha ng lugar na titirahan.

- Ang pagbibigay ng karagdagang $100 milyon sa Pondo ng Pamumuhunan sa Ontario (Invest Ontario Fund), para sa kabuuang $500 milyon, ay makapagbibigay sa Mamuhunan sa Ontario (Invest Ontario), ang ahensiya ng pamahalaan sa paghikayat ng pamumuhunan, ng kakayahan na makatulong sa pagpapahikayat ng higit pang mga nangungunang kumpanya na pumunta sa probinsiya, na siyang higit pang nagbibigay-suporta sa mga negosyo dito at makagawa ng mga trabahong nagbibigay ng mabubuting sahod sa mga komunidad sa buong probinsiya.
- Pagmumungkahi na palawakin ang pagiging karapat-dapat para sa Ontario Focused Flow-Through Share Tax Credit (Pagpasa ng Pagbabahaging Kredito sa Buwis na Nakatuon sa Ontario) upang makatulong sa pagpapasigla ng lubos na mahalagang paggagalugad ng mga mineral at mapabuti ang kakayahang makakuha ng kapital para sa maliliit na kumpanyang kaugnay sa paggagalugad. Kung inaprubahan, ang pagbabago ay magsisimula sa taon ng buwis na 2023 at magdaragdag ng $12 milyon kada taon sa sumusuportang kredito sa buwis sa industriya ng pagmimina ng lubos na mahahalagang mineral sa Ontario.
- Ang pagpapatuloy ng kasalukuyang pagbabawas sa antas ng buwis para sa gas at petrolyo nang hanggang sa Hunyo 30, 2024—isang minumungkahing pagbabago na, kasama ng mga pagbabawas sa antas na isinasakatuparan na, ay makatutulong sa mga maybahay na makatipid ng $260 sa karaniwan simula na ang mga pagbabawas ay unang ipinatupad noong Hulyo 2022.
- Ang pagpapalawak ng kakayahang makakuha ng pagsusuri sa cancer para sa mga kababaihan na may edad na 40 hanggang 49, sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na i-refer ang kanilang sarili para sa isang mammogram sa pamamagitan ng Programa ng Ontario para sa Pagsusuri ng Suso (Ontario Breast Screening Program). Simula sa panahon ng taglagas sa 2024, ang mga hakbang na ito ay makapagpapalawak ng kakayahang makakuha nito para sa higit sa 305,000 karagdagang mga indibidwal.

“Ang landas na daraanan natin ay hindi magiging madali, ngunit nakita na natin kung ano ang mga magkakasamang nagagawa ng mga tao sa Ontario,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Kapag magkakasama tayo, mahaharap natin ang mga walang katiyakan sa ngayon at makakapagbuo ng isang malakas na Ontario.”

## *MABILISAN NA MGA KATOTOHANAN*

- Tinataya na ngayon ng pamahalaan na magkakaroon ng $5.6 na bilyong kakulangan sa 2023–24 batay sa pinakabagong pang-ekonomiyang impormasyon at impormasyon ng mga kinita at mas mataas na mga paniguro upang mabawasan ang mga panganib sa pangmadaliang panahon.
- Sa buong pangkaraniwang haba ng panahon, ang pamahalaan ay nagsasagawa ng responsableng pamamaraan upang mawala ang kakulangan ng Ontario sa pagsapit ng 2025–26. Tinatayang magkakaroon ng kakulangan na $5.3 bilyon sa 2024–25, at susundan ito ng $0.5 bilyon na kalabisan sa 2025–26.

KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON

- ***2023 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario: Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario***
- Basahin ang ***Backgrounder: Economic and Fiscal Overview***
- Basahin ang ***Backgrounder: Launching the Ontario Infrastructure Bank***
- Basahin ang mahahalagang bahagi ng ***Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario***
- Basahin ang ***2023 na Budget ng Ontario: Bumubuo ng Malakas na Ontario***
- Ang Imprastrakturang Bangko ng Ontario

---

MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA

ontario.ca/finance-news
*Disponible en français*

Emily Hogeveen
Opisina ng Ministro
647-294-6166
Emily.Hogeveen@ontario.ca

Scott Blodgett
Sangay ng Komunikasyon
416-728-9791
Scott.Blodgett@ontario.ca